Ika-34 na Linggo: Kapistahan ni Kristong Hari*Ez 34:11–12, 15–17; 1 Cor 15:20–26, 28; Mt 25:31–46*

PANIMULA

May kuwento tungkol sa isang batang lalaki na dumalaw sa isang malaking katedral kasama ang kanyang lola. Habang tinitingnan niya ang mga makukulay na bintanang salamin, nagtanong siya, “Sino po ang mga taong iyon?” Sumagot ang kanyang lola, “Sila ang mga santo.” Pagkaraan, sa paaralan, nagtanong ang guro sa mga bata, “Ano ang santo?” Mabilis na sumagot ang bata, “Ang santo ay isang taong dinaraanan ng liwanag.” Ngayon, sa dakilang kapistahan ni Kristong Hari, ipinapaalala sa atin ng Simbahan na ang liwanag ni Kristo na ating Hari ay nagniningning hindi sa pamamagitan ng paghahari-harian o kapangyarihan, kundi sa pamamagitan ng pagmamahal, awa, at malasakit. Siya ang Pastol-Hari na naghahanap sa nawawala, nagpapagaling sa sugatan, at nakikiisa sa mga dukha at nakalimutan.Sa Ebanghelyo, sinasabi sa atin ni Hesus na ang huling sukatan ng buhay ay hindi tagumpay, katayuan, o panlabas na anyo, kundi ang pagmamahal na ipinapahayag sa mga karaniwang gawa ng kabutihan. Sa tuwing pinapakain natin ang nagugutom, tinatanggap ang dayuhan, inaaliw ang nagdurusa, o pinapatawad ang nakasakit, nagniningning sa atin ang liwanag ni Kristo.Gayunman, kinikilala rin natin kung gaano kadalas tayong nabibigong umibig gaya ng hinihingi niya sa atin. May mga sandali ng kawalang-pakialam, pagkamakasarili, at pagpapabaya. Kung minsan ay nilampasan natin ang mga nangangailangan o isinara ang ating puso sa paghihirap sa atingpaligid.Kaya naman, nagtitiwala sa awa ni Kristo na ating Pastol-Hari, na dumarating hindi lamang upang humatol kundi upang magpagaling at magpanumbalik din, kilalanin natin ang ating mga kasalanan at ihanda ang ating sarili sa pagdiriwang ng mga banal na misteryong ito.

HOMILIYA

May kilalang kuwento tungkol sa isang hari na nagpasyang dalawin ang kanyang bayan nang palihim. Hinubad niya ang kanyang maharlikang kasuotan, nagbihis na parang isang dukhang manlalakbay, at naglakad sa mga lansangan ng kanyang kaharian. Hindi siya pinansin ng karamihan. May ilang nagtulak sa kanya habang dumaraan. May ilang nanlibak sa kanya. Ngunit isang matandang babae na nakaupo sa labas ng kanyang maliit na kubo ang tumanggap sa kanya. Binigyan niya ito ng tinapay, ibinahagi ang kanyang sabaw, at nakinig sa kanya na para bang mahalaga siya. Saka lamang niya natuklasan na ang pagod na dayuhang kanyang tinanggap ay ang hari mismo. Nanginginig, humingi siya ng paumanhin sa payak niyang handa. Ngunit sumagot ang hari, “Ibinigay mo sa akin ang hindi maibigay ng marami sa mga palasyo — ang iyong puso.”

Ang maikling kuwentong iyan ay nagbubukas sa atin ng puso ng kapistahan ngayon: si Kristong Hari. Subalit ang paghahari ni Hesus ay kakaiba sa lahat ng iba pang paghaharing nakilala ng mundo.

Kapag naiisip ng mga tao ang mga hari, kadalasan ay naiisip nila ang kapangyarihan, karangyaan, mga seremonya, mga korona, mga palasyo, mga hukbo, at awtoridad. Kahit ngayon, kung saan may mga monarkiya pa, ang mga hari at reyna ay madalas na sagisag ng karangalan at kadakilaan. Noong unang panahon, mas matindi pa ang larawang ito: ang hari ay ang mandirigmang namumuno sa mga hukbo sa digmaan o ang pinunong nagpapairal ng kapangyarihan sa kanyang mga nasasakupan. Kilala rin ng kasaysayan ang isa pang uri ng hari — ang malupit na nagpapayaman sa sarili habang naghihirap ang iba.

Ngunit kapag nagsasalita ang Diyos tungkol sa isang hari sa Kasulatan, lalo na sa pamamagitan ni propeta Ezekiel, nagbibigay siya sa atin ng ganap na naiibang larawan: hindi larawan ng isang mananakop, kundi ng isang pastol.

“Ako mismo ang mag-aalaga at magpapastol sa aking mga tupa.”

Ang pastol ay hindi isang taong ginagamit ang kawan para sa kanyang sarili. Hinahanap niya ang nawawala. Binebendahan niya ang sugatan. Pinalalakas niya ang mahina. Inaakay niya ang mga tupa sa mabuting pastulan. Ipinagkatiwala ng Diyos sa mga hari at pinuno ng Israel ang misyong ito ng pagpapastol, ngunit marami ang nabigo. Sa halip na alagaan ang kawan, ang sarili lamang nila ang kanilang inalagaan. Sa pamamagitan ni Ezekiel, dumaraing ang Diyos: “Ang inyong sarili ang inyong pinakain sa halip na ang aking mga tupa.”

Kaya nangangako ang Diyos: “Ako mismo ang magpapastol sa aking bayan.”

Ang pangakong iyan ay natupad kay Hesukristo.

Ngayon, sa kapistahan ni Kristong Hari, hindi natin ipinagdiriwang ang isang pinunong nakaupo sa gintong trono na napapalibutan ng karangyaan. Ipinagdiriwang natin ang Pastol-Hari na pumapasan sa kanyang balikat ng sugatang tupa. Ipinagdiriwang natin ang Haring lumuluhod upang maghugas ng mga paa. Ang Haring kinoronahan hindi muna ng ginto, kundi ng mga tinik. Ang Haring hindi hinayaang mamatay para sa kanya ang kanyang mga nasasakupan, kundi siya ang namatay para sa kanyang mga nasasakupan.

Ilang pinuno sa buong kasaysayan ang nagsakripisyo ng iba upang iligtas ang kanilang sarili? Mayroon tayong Haring nagsakripisyo ng kanyang sarili upang iligtas ang iba.

Inilalahad ng Ebanghelyo ngayon ang isang marilag na tagpo: ang Anak ng Tao na dumarating sa kaluwalhatian kasama ang lahat ng mga anghel, nakaupo sa kanyang trono. Ito ang larawang ipininta ni Michelangelo sa Sistine Chapel — si Kristong Hukom na sa harap niya ay tinitipon ang lahat ng bansa. Sa unang tingin, ito ay tila rurok ng Ebanghelyo. Ngunit nakapagtataka, hindi pala.

Kasunod mismo ng bahaging ito sa Ebanghelyo ni Mateo ay nagsisimula ang salaysay ng Pasyon. Ang maluwalhating Hukom ay nagiging nagdurusang Manunubos. Ang Hari sa trono ay nagiging Haring nakabayubay sa krus. Ang siyang naghihiwalay sa mga tupa at mga kambing ay siya mismong itinakwil, hinubaran, sinugatan, nauhaw, ibinilanggo, at pinabayaan.

Binabago nito ang lahat.

Sapagkat ang Hukom na humahatol sa atin ay siya ring Tagapagligtas na nakauunawa sa atin. Hindi siya humahatol mula sa malayo, kundi bilang isang lumakad sa ating mga landas, nagpasan ng ating mga dalamhati, nakaranas ng ating mga tukso, dumanas ng ating kahinaan, at nagtiis ng ating kalungkutan. Hindi lamang siya nagsusuot ng maharlikang korona; nagsusuot siya ng koronang tinik.

At ano ang batayan ng paghuhukom?

Hindi tagumpay.
Hindi katanyagan.
Hindi mga nagawa.
Hindi rin lamang panlabas na pagkarelihiyoso.

Kundi pagmamahal.

Gaya ng tanyag na sinabi ni San Juan de la Cruz: “Sa takipsilim ng buhay, tayo ay huhukuman ayon sa pagmamahal.”

Lubos na nakikiisa si Hesus sa nagugutom, sa nauuhaw, sa dayuhan, sa maysakit, sa hubad, at sa bilanggo. “Anuman ang ginawa ninyo sa pinakamaliit sa aking mga kapatid, sa akin ninyo ginawa.”

Napakagandang pahayag! Ang Hari ng sanlibutan ay nagtatago sa pinakamahihinang kasapi ng sangkatauhan.

Malalim itong naunawaan ni Madre Teresa. Minsan ay kinuha niya mula sa mga lansangan ng Calcutta ang isang lalaking naghihingalo. Puno ng sugat ang kanyang katawan; malapit na siyang mamatay. Hindi na siya maililigtas ni Madre Teresa sa pamamagitan ng gamot. Ngunit hinawakan niya ang kamay nito upang hindi siya mamatay nang nag-iisa. Pagkatapos ay sinabi niya, “Bawat isa sa kanila ay si Hesus na nagkukubli.”

Naunawaan din ito ni San Martin ng Tours. Bilang isang batang sundalo, bago pa man siya mabinyagan, hinati niya ang kanyang balabal upang ibahagi sa isang pulubing nanginginig sa lamig. Nang gabing iyon, napanaginipan niya si Kristo na nakasuot ng punit na kalahati ng balabal. Sinabi ni Kristo sa mga anghel, “Dinamitan ako ni Martin.”

Naunawaan ito ni Santa Isabel ng Hungary. Isang prinsesang napapalibutan ng pribilehiyo, palihim siyang nagdadala ng tinapay sa mga dukha. Ayon sa alamat, nang siya ay pigilan at tanungin kung ano ang dala niya sa ilalim ng kanyang balabal, ang tinapay ay naging mga rosas. Kasaysayan man o alamat, nananatiling totoo ang mensahe: binabago ng pagmamahal ang mga karaniwang gawa upang maging isang bagay na maganda sa harap ng Diyos.

At marahil iyan ang isa sa mga pinakanakaaaliw na katotohanan sa Ebanghelyo ngayon: ang walang hanggang halaga ng karaniwang kabutihan.

Nagtataka ang mga matuwid: “Panginoon, kailan po namin kayo nakitang nagugutom o nauuhaw?” Hindi nila

namalayan na ang kanilang mga payak na gawa ay may walang hanggang kahulugan. Isang pagdalaw sa maysakit. Isang pagkaing pinagsaluhan. Isang taingang nakikinig. Isang salitang nagpapalakas ng loob. Isang basong tubig. Isang maliit na sakripisyong ginawa nang tahimik. Ang mga ito ay nagiging pakikipagtagpo kay Kristo mismo.

Ipinapaalala sa atin ng Ebanghelyo na madalas pumapasok ang langit sa mundo nang hindi napapansin sa pamamagitan ng karaniwang malasakit.

Kasabay nito, nagsasalita si Hesus ng isang mabigat na salita sa mga nasa kaliwa. Ang kanilang kasalanan ay hindi kalupitan sa malaking antas. Ito ay pagpapabaya. Kawalang-pakialam. Kabiguang umibig noong posible namang umibig.

Ang bahaging iyan ng Ebanghelyo ay maaaring bumagabag sa atin. Kung tayo ay tapat, naaalala nating lahat ang mga taong maaari sana nating natulungan nang higit pa. Mga sandaling mas pinahalagahan natin ang ginhawa kaysa malasakit. Mga panahong nilampasan natin ang paghihirap.

Gayunman, hindi takot ang huling salita ng kapistahan ngayon.

Ang huling salita ay awa.

Sapagkat ang Hukom ay siya ring Pastol na naghahanap sa nawawalang tupa.

May magandang dalawang kahulugan ang salitang Aleman na “richten” — “humatol,” ngunit gayundin “ituwid muli,” “ayusin.” Kapag sira ang isang upuan, dinadala mo ito sa karpintero at sinasabi, “Maaayos mo ba ito?”

Iyan ang ginagawa ni Kristong Hari. Hindi lamang siya dumarating upang hatulan ang nasira. Dumarating siya upang ito ay ibalik. Upang ito ay pagalingin. Upang ibangon ang nabuwal.

Lahat ng sira sa ating buhay — ang ating mga kabiguan, sugat, panghihinayang, kasalanan, takot — ay maaaring dalhin sa kanyang harapan. At maaari tayong manalangin: “Panginoon, ituwid mo akong muli. Pagalingin mo ang sugatan. Ibalik mo ang nawala.”

At gagawin niya ito.

Hayaan ninyong magtapos ako sa isa pang kuwento.

Noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, isang sundalo ang bumalik sa isang nabombang nayon at nakita ang isang estatwa ni Kristo na durog na nakahandusay sa mga guho ng isang simbahan. Natanggal sa pagsabog ang mga kamay ng estatwa. Pagkaraan, nang muling itayo ang simbahan, ibinalik ng mga tao sa loob ang napinsalang estatwa, ngunit sa ilalim nito ay isinulat nila ang mga salitang ito:

“Wala nang ibang kamay si Kristo ngayon sa lupa kundi ang sa atin.”

Iyan ang misteryo ng kapistahan ngayon.

Patuloy na hinahanap ni Kristong Hari ang mga nawawala sa pamamagitan ng ating mga kamay.
Patuloy niyang pinapakain ang nagugutom sa pamamagitan ng ating pagkabukas-palad.
Patuloy niyang inaaliw ang nagdurusa sa pamamagitan ng ating presensya.
Patuloy niyang tinatanggap ang dayuhan sa pamamagitan ng ating kabutihan.

At isang araw, marahil sa ating malaking pagkagulat, matutuklasan natin na sa pagmamahal sa mga sugatang taong inilagay sa ating landas, ang Hari mismo pala ang ating minamahal. Amen.

- Translated by: William Valdrez, Jr., Perth, Australia